

II EROS, AIEL, EROS

Rene Boy E. Abiva
reabiva@up.edu.ph

ONTOLOGIA

*"Huwag mong gamutin ang kalungkutan sapagkat
hinding-hindi ka na kailanman makakalikha ng isang tula."*
- A.S. Tabag

*Aiel. Gumigising ako tuwing madaling-araw
Upang bungkalin ang hangin,
Gibain ang mga mito,
At tamnan ito ng mga lumang petalo.
Baliw ko itong dinidiligan
Ng mga kapapanganak na hamog
Sa paniniwalang sa pagdila
Ng áraw sa ikapitong áraw,
Babangon ang iyong mga sanga
At mamumukadkad ang iyong balat:
Ngayon ang ikaanim na yugto
Kung saan wala akong ibang ginawa*

*Kundi alayan ka ng kumpol
Ng mga itim na balada ng pighati
At mga bulong ng mga magkakahalong
Salita, panalangin, at pag-asa
Sa pag-aakalang dito ka magkakalaman,
Magkakadugo, at magkahininga.
A...magiging isa na nga ba tayo sa wakas?
O matagal lamang kitang inilihim
Sa aking marupok na kaluluwa
At malambot na dibdib
Na ngayon ay anong pagpipiglas, Aiel.*

EPITÁPHIOS

*"And if some lover, such as wee,
Have heard this dialogue of one,
Let him still marke us, he shall see/
Small change, when we're to bodies gone."
- John Donne, The Extasie*

Aiel.

Dahil sa iyong mga mata,
Natutuhang tanggihan ng aking bituka
Ang pangako ng kapangyarihan at lakas:
Kinukutkot ako nito na anong lupit
Tila ang wakas ay di na muling sasapit.

Masakit.

Pawa kang nakalutang sa ulap na gawa
Sa insenso sa tuwing ang pagnanasa sa akin
Ay kumikiwal na gaya sa isang matris
At humihikayat lalo sa akin na ika'y damayan
Sa isang mapanganib na pagbabalik
Sa isang sumpaa't paglalaro ng bága na di sumapit.

Bakit...

Muling nakabantay ang mga demonyo sa bubungan
At kisame ng noo'y ating pinangarap na aklatan:
Ganito rin sila noon, Abril 12, 2003,
Nang ako'y kanilang anyayahang pabilisin
Ang araw na hinihintay ng lahat, ang kamatayan.

Ngayon pa

Ginugutom mo nga ako sa tuwing nabubuhay
Ka di lamang sa aking alaala kundi sa pagnanasang
Hayaan ako nawa na papasukin sa iyong bisig,
Kanlungin sa pagitan ng iyong malusog na dibdib,
At nang ating muling umpisahang buhayin

Ang naudlot na nasà't wasakin sana natin
Ang mga inilihim na kasinungalingang nása
Pagkukunwaring di tayo parehong nagdusa
Sa una at dulo ng nawawalang dalawang dekada.
Ako dapat na magkasala?

ENOMÉNOI

"I empty myself of my life and my life remains."

- Mark Strand, *The Remains*

Nang-aakit ang hininga
Na may kasamang mainit
Na mga butil ng hamog:

"Di ba lumipas na ang tag-araw?"

Nais nitong bendisyonan
Ang katawang bininyagan
Kaninang dapithapon
Ng pawis na amoy-suká
Sa paglipas ng araw.

Timang na sumisilip
Sa siwang ng bintana
Ang ginintuang buwan
Nang lumipas ang araw:
Malumanay na bumabaon
Ang mga daliri sa dibdib at tadyang
Habang tila palaso nating itinatarak
Ang mga mata sa puso at puso.

"Di pala lumilipas ang tag-araw!"

*[Payapa lamang sa pag-ikot ang bentilador
Habang natutuhan na ring maglihim
Ng aparador at tokador.]*

ATELEIOTES

(Pagkaraan ng Balada ni Lorca at sa Isang Baso ng Kapeng Lumamig)

Tanging ang init ng iyong puso
At wala nang iba:
Isang paraiso kung saan walang ibon
O lira, ngunit nagtataglay ng nakabunyag
Na ilog ng pulot at bukal
Ng mga nagbagsakang buntala,
Kung saan ang mga halik
Ay bumibisita nang may pananabik
Sa ating kaluluwang
Pilit nagsasanib
Upang maging isa.

EROS, AIEL, EROS

*"The highest form of love is to be the protector of another
person's solitude."*

-Rainier Maria Rilke

Pareho nating dinilaan
Ang nahihya, ngunit mapagkunwari,
Nating leeg at batok.
May mga daing at halinghing
Tayong ipinunla sa puno
Ng ating namumulang mga tainga:
May kumiliting init sa ating tadyang,
At maraha't payapa nitong ginapang
Ang blangkong sikmura.
Naghihingalong balon
Ang ating puson:
Wala itong ibang ninanais
Kundi ang pag-ambon
Ng ayaw datnan ng malay
Na malapot nating laway
Sa dilang tila may sariling buhay.

*Humihiwa sa aking lalamunan
Ang lasa ng Foucallure:
Kainin mo a
k
o, parang-awa
Kainin mo ako.
Kainin mo ako.
Kainin mo ako sa pagitan
Ng mga patlang ng mga bulong
Ng salita at bilang sa metrong hininga.*

PATHOS

"There is more wisdom in your body than in your deepest philosophy."
-Friedrich Nietzsche

Gusto kong baklasin
Ang nakabaluti sa iyong lusaw na asin

Nabubuhay nang kusa
Ang mga inilihim nating salita

Nilulunod tayo nito sa namumuong dagat
Ng pangako, umiindayog na haplos, at haluyhoy

Umaalimbukay ang pangungulila
Sa pagitan ng ating mga hita

Naghugpong ang ating anino
at ibinulong sa hangin ang ating pangalan sa dulo:

*Taimtim na sinipsip ng puting kumot
Ang nagsanib nating nasang nása salimuot.*

Si **Rene Boy E. Abiva** ay tubong Aritao, Nueva Vizcaya at kinikilalang iskolar, manunulat, at edukador sa larangan ng Agham Panlipunan at Panitikan ng Pilipinas. Nagtapos siya ng batsilyer sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas at masterado sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman, kung saan ginawaran ng Pinakamahusay na Tesis (Antas Gradwado) para sa Gawad Antonio M. Abad ang kanyang pananaliksik. Kasalukuyan siyang nagtuturo sa Manuel V. Gallego Foundation Colleges at sa Paaralang Gradwado ng Wesleyan University-Philippines, na nakatuon sa diskurso, wika, literatura, at pagsasalin. May-akda siya ng 23 aklat na sumasaklaw sa tula, maikling kuwento, dagli, at nobela, na nailathala sa mga prestihiyosong institusyon tulad ng UP Press, National Commission for Culture and the Arts, at Cultural Center of the Philippines.